



Pagtatasa sa Ikalawang Taon ni P-Noy

Kalagayan ng
Manggagawa at
Karapatang Pantao

Center for Trade Union and Human Rights
Hulyo 2012

Nilalaman

Hindi nababawasan ang bilang ng mahihirap at nagugutom na Pinoy sa kabila ng 6.4% growth rate ng Pilipinas, pinakamataas sa Southeast Asia 4

Kahit bahagyang tumaas ang bilang ng may trabaho, bumaba ang kalidad ng empleyo, dumami ang kulang sa trabaho, mas maraming kabataan ang walang hanapbuhay 5

Umaabot na raw ang kaunlaran sa nakararami: itinago ang tunay na mukha ng kahirapan 14

Walang binanggit hinggil sa karapatang pantao taliwas sa pangakong resolbahin ang extra-judicial killings, tutugisin ang may pagkakasala at, iaayon ang mga patakaran at programa sa paggawa sa pandaigdigang pamantayan lalo na ang ILO Conventions 18

Nitong Hulyo 23 ang ikatlong SONA (State of the Nation Address), ni G. Benigno “P-Noy” Aquino III. Sa nauna niyang dalawang SONA, maraming binitiwang pangako at pahayag si P-Noy para sa kanyang “boss”, ang taong bayan, kasama na rito ang pangakong iaahon ang bayan sa kahirapan at kagutuman. Ito ang naging batayan ng mga pangkalahatang polisiya ng administrasyong Aquino—kahit pa nga, liban sa *Public Private Partnership* (PPP) at pagpasa ng mga prayoridad na batas, wala naman talagang naipahayag na malinaw at kongkretong hakbangin kung paano makaaahon ang bansa mula sa kahirapan.

At noong Hulyo 23, napakaraming maningning na estadistika bilang suporta sa mga nagawa raw ng kanyang administrasyon sa nakaraang dalawang taon ang inihapag ni P-Noy sa taumbayan. “Walang imposible ang hindi matutupad sa nagkakaisang Pilipino” ani P-Noy. Sinabi rin niyang ang Pilipinas ay hindi na isang ‘joke’.

Ilang beses siyang pinalakpakan ng kanyang mga taga-suporta sa Kongreso. Ang iba ay tumayo pa nga dahil sa di-mapigilang tuwa sa paghahanay ng napakagandang larawan ng isang bansang tila hindi nahaharap sa anumang problema. Masayang-masaya rin ang mga negosyante at kapitalista sa laman ng huling SONA. Ang ibang pulitiko na tatakbo sa susunod na eleksyon ay kontento rin kahit walang *roadmap* ang mga pangarap ni P-Noy.

Sa likod ng di-matatawarang husay ni P-Noy sa pananalita sa wikang Pilipino na madaling maunawaan, nagtatanong pa rin ang mamamayan, saan ba naganap ang mga *accomplishments* na ‘yon? Pilipinas ba ang pinag-uusapan at saan galing ang mga bumubuhos na numero? Bakit di pa rin maramdaman ang sinasabing paglago ng ekonomiya at pag-unlad ng bansa?

Mahirap maramdaman, sapagkat taliwas sa maningning na numero at mabulaklak na paglalarawan, iba ang isinisigaw ng sikmura ng mga manggagawa at maralita na tunay na SONA.

Itong unang hati pa lamang ng taong 2012, ang buong panahon ng administrasyong Aquino ay naubos na sa paglilitis (*impeachment*) sa na-convict na Supreme Court Chief Justice Renato Corona, na tagumpay nitong napaalis sa pwesto. Ito raw ay tagumpay rin ng kampanya ng gobyernong Aquino laban sa katiwalian at pagsulong ng bansa tungo sa tuwid na landas, kahit pa nga ang marami sa ating mga kababayan ang nag-iisip na ganti ito ni P-Noy sa desisyon ng Korte Suprema na ipamahagi ang Hacienda Luisita, ang lupang inari ng kanyang pamilya, sa mga magsasaka at manggagawang bukid.

At sa katatapos na SONA, binigyang-diin din ni P-Noy na bago matapos ang kanyang pamumuno, ang lahat daw ng lupaing saklaw ng *Comprehensive Agrarian Reform Program* (CARP) ay maipamahagi na. Subalit ‘di nya binanggit ang Hacienda Luisita.

Maraming kabalintunaan sa nakaraang SONA, at ang larawan ng katotohanan sa kalagayan ng mga manggagawa ay malayo sa maningning na ulat sa bayan.

**Pagtatasa sa
Ikalawang
Taon ni Aquino**
Hulyo 2012

Inilathala ng **Center
for Trade Union
and Human Rights**

Room 702 Culmat
Building E. Rodriguez
Ave., Quezon City

(+632) 411.0256
ctuhr.manila@gmail.com
ctuhr.org

Hindi nababawasan ang bilang ng mahihirap at nagugutom na Pinoy sa kabila ng 6.4% growth rate ng Pilipinas, pinakamataas sa Southeast Asia

Ibinandila ni G. Benigno Aquino III ang *inclusive growth* bilang layunin ng pang-ekonomiyang polisiya ng kanyang pamahalaan. Kaakibat ng *inclusive growth*, ang paglikha ng trabaho at pagpapababa sa kahirapan. Tumutukoy rin ito sa paglagong kasama ang lahat ng sektor kasabay ng pag-unlad ng ekonomiya. Inaasahan ng pamahalaang Aquino na sa pamamagitan ng *good governance* at pagpuksa sa katiwalian sa pamahalaan ay makakamit nito ang *inclusive growth* at pag-unlad. Ipinagmalaki rin niya na napanagot na ang mga tiwali sa pamahalaan.

Walang kabuluhang paglago ng ekonomiya

Target ng administrasyong Aquino na lumago ang ekonomiya ng 7-8%. At naabot naman ang 6.4% ang paglago ng Gross Domestic Product (GDP) nitong unang kwarto ng 2012. Gayundin, tumaas ang *credit rating* ng bansa nitong huling buwan matapos magpautang ang pamahalaan ng Pilipinas ng US\$1 milyon sa International Monetary Fund (IMF). Ito ay mabuting balita laluna para sa mga pribado at dayuhang mamumuhunan. Ngunit sa karaniwan at nakararaming Pilipino, hindi pa rin ramdam ang pag-unlad at pagbuti ng ekonomiya.

Sa huling ulat ng Ibon Foundation (Hulyo 2012), inilantad ng grupo ang “hungkag at walang kabuluhang” paglago ng ekonomiya. Sa pagsusuri ng Ibon, ang paglago ng ekonomiya ay bunsod ng malaking paggasta ng pamahalaan (*government spending*) laluna para sa mga proyektong nakapailalim sa *public-private partnership*. Mula sa dating -15% noong unang hati ng 2011, tumaas sa 24% ang *government spending*, kasama rito ang mga proyektong imprastruktura para akitin ang mga mamumuhunan. Sa aktwal, tumaas ang paggasta ng pamahalaan sa imprastruktura ng hanggang 62% mula sa -37.9% noong nakaraang taon.

Ipinagmamalaki rin ng pamahalaan ang paglakas ng piso kontra sa dolyar—mula sa dating palitan na umaabot sa Php44.00 sa isang dolyar, pumapalo na ngayon ang piso sa Php41.50-P42.00 kada dolyar. Subalit napakaliit ang kinalaman ng paglago ng lokal na ekonomiya sa paglakas na ito ng halaga ng piso. Inamin mismo ng Bangko Sentral ng Pilipinas, na ang pagtaas ng palitan ay bunsod ng halos 5.5% na paglago sa remittances ng mga OFWs sa kabila ng krisis sa Europa at Estados Unidos. Nitong unang limang buwan pa lamang ng 2012, umabot na sa US\$1.79 milyon ang OFW remittances sa bansa.

At kahit pa may 6.4 % na paglago ng ekonomya, bumagal ang paglago ng sektor ng agrikultura at industriya. Katunayan, lumago lamang ng 1% ang agrikultura ngayong taon kumpara sa 4.4% na paglago nito noong nakaraang taon. Ang sektor ng industriya naman ay bumagal rin ang pag-usad mula sa dating 7.3%, ngayong taon ay lumago lamang ito ng 4.9%.

Kahit bahagyang tumaas ang bilang ng may trabaho, bumaba ang kalidad ng empleyo, dumami ang kulang sa trabaho, mas maraming kabataan ang walang hanapbuhay

Matatandang isang mayor na agenda ng pamahalaang Aquino ang paglikha ng 1 milyong trabaho kada taon. At sa kanyang SONA, ibinida ni P-Noy na nalikha raw ng administrasyon ang halos 3.1 milyong bagong trabaho sa loob ng dalawang taon. Pero kataka-taka, kundi man sinadya, na sa isa't kalahating oras na talumpati, kahit man lamang ang terminolohiyang manggagawa ay hindi binanggit.

Nitong 2011, “nakalikha” ng 1.157 milyong trabaho ang gobyerno Aquino at ayon sa Department of Labor and Employment (DOLE) ay sobra pa ito sa itinakdang target. Sa *Progress Report* ng DOLE hinggil sa *Labor and Employment Program* (LEP) ng gobyernong Aquino noong 2011, sinabing may 1,113,350 aplikante ang nabigyan ng trabaho sa pamamagitan ng *Public Employment Service Offices* (PESOS); 330,709 aplikante sa pamamagitan ng *private recruitment at placement agencies* (PRPAS) at *manpower agencies*. Patunay lamang ito na ang gobyerno sa katunay ay puspusang gumagampan ng pagiging *placement agency* o tagahanap ng trabaho sa halip na naglilikha ng hanapbuhay.

Hindi rin sinabi sa ulat kung anong klase ng trabaho ang pinaglagyan sa mga nabigyan ng trabaho. Subalit bago pa man ang SONA, inaamin na ng DOLE na isa sa bawat tatlong may trabaho ay maituturing na *unskilled* o laborer.

Sa huling Labor Force Survey (LFS) ng National Statistics Office (NSO), tinatayang 6.9% (2.80 milyon) ng mga nasa *labor force* ang walang trabaho o *unemployed*. Bumaba ito mula sa dating 7.2% (2.87 milyon) noong nakaraang taon. Sa tantya ng Ibon, mataas pa rin ang tantos ng kawalang-trabaho na nasa 10.3%—bagamat bumaba na ito mula 11.4% simula nang manungkulan si Aquino.

Nananatili pa ring mataas ang kawalang-hanapbuhay para sa mga kabataan. Mahigit kalahati (51.7%) ng walang hanapbuhay ay nasa edad na 15-24 taong gulang. Bahagya itong tumaas mula sa 51.1% noong 2010. Ito ay sa kabila ng sinasabi ng DOLE na 1,187 na kabataan ang nakatanggap ng *funding support* na nagkakahalaga raw P7,883,785.57 sa pamamagitan ng *Youth Entrepreneurship Support Project* (YES).

Share of young workers and college-educated in total unemployment			
2005-2010		2011	
Young Workers (15-24 years old)	College Educated	Young Workers (15-24 years old)	College Educated
50.4%	39.8%	50.4%	42.0%

Sa kabila ng sinabing pagbaba ng bilang ng walang trabaho sa pangkalahatan, dumami naman ang kulang sa trabaho o *underemployed*. Mula sa 17.8% (6.3 milyon) noong Abril 2010 bago manungkulan si Aquino, umabot na ito sa 19.3% (7.3 milyon) makalipas ang dalawang taon. Sa kabuuuan, nadagdagan pa rin ang bilang ng walang trabaho at kulang sa trabaho ng humigit kumulang 780,000.

Mula 2011 hanggang unang bahagi ng 2012, bumagal din ang paglago ng hanapbuhay mula sa dating 4.0% padausdos sa 2.8%. Malaking salik dito ang pagbagal ng pagdami ng may trabaho sa sektor ng agrikultura. At kahit mataas ang paglago ng may trabaho sa sektor ng industriya, nanatiling mababa ang kabuuang bilang ng may trabaho (5.9 milyon) at nadagdag na trabaho (0.4 milyon) sa naturang sektor kumpara sa sektor ng agrikultura at serbisyo.

Per sector employment since 2010 (in millions)					
Sektor	2012	2011	2010	Pagtaas kada taon (%)	
				2011-2012	2010-2011
Agriculture, Fishery, and Forestry	12.5	12.2	11.5	2.6	5.6
Industry	5.9	5.6	5.5	5.2	2.4
Services	19.5	19.0	18.4	2.2	3.4

Tumaas ang tantos ng precarious employment

Kapansin-pansin rin ang mababang kalidad ng hanapbuhay sa bawat uri ng manggagawa. Bahagya lamang tumaas ang bahagdan ng *wage and salary workers* mula 54.5% tungong 55.5% mula 2010 samantala malaking bahagi pa rin (40.5%) ng may trabaho ang nasa bulnerableng hanapbuhay o iyong mga *own-account at unpaid family workers*.

Dagdag pa, lumaki rin ang bilang ng *part-timers*. Sa nakalipas na dalawang taon, lumobo ang bilang ng *part timers* mula sa 36.7% (13.0 milyon) pataas sa 42.8% (16.2 milyon). Kaakibat nito, bumaba rin ang karaniwang oras ng paggawa (*mean hours of work*) ng bawat may-trabaho mula 41.2 oras pababa sa 39.2 oras.

Employment Per class of worker (in %)			
Type of Worker	2012	2011	2010
Wage and salary	55.5	55.2	54.5
Own-account	32.6	33.2	33.7
Unpaid family workers	11.9	11.6	11.8

Aminado ang DOLE na noong 2011, ang *precarious employment* (walang katiyakang trabaho) ay lumaki mula 4.1 milyon noong 2001 patungong 5.6 milyon (o 15.0% ng kabuuang bilang ng may trabaho) noong 2011. Ang *precarious employment* ay kinabibilangan ng *short-term, casual, at seasonal* na manggagawa o iyong mga nagtatrabaho sa iba't-ibang employer sa bawat araw o kada linggo sa iba't-ibang sektor o industriya. Mas maraming ganitong uri ng manggagawa ang matatagpuan sa mga industriya kaysa agrikultura o serbisyo.

Ayon pa rin sa huling datos ng Bureau of Labor and Employment Statistics (BLES-DOLE) na inilabas nitong ika-12 ng Pebrero, 850,085 sa 2,617,417 o 32.48% manggagawang *rank and file* na nagtatrabaho sa empresang may 20 manggagawa o higit pa ang itinuturing na hindi regular (casual, contractual, seasonal, probationary o apprentice). Tumaas ito mula 731, 548 sa 2,599,228 manggagawa o 28.14% mula noong taong 2008.

Ang pagdami ng *part-time* o *precarious employment* lalo na sa sektor ng industriya tulad ng pabrika o manupaktura ay resulta ng patakaran nitong patindihin ang pleksibilisasyon sa paggawa, lalo na sa pagpasa at pagpapatupad ng Department Order 18-A noong nakaraang taon.

Hindi lang sa maliliit na kumpanya talamak ang kaswal at kontraktwal na paggawa. Kahit pa sa mga dambuhalang kumpanya tulad sa Philsaga Mining Company, subsidiyaryo ng Australian Medusa Mining Limited sa Agusan del Sur, aabot lamang sa 700 ang regular na manggagawa mula sa halos 4,000 kabuuang pwera ng paggawa na ang kalakhan ay mga kaswal at kontraktwal.

Ibang usapin pa, na sa paglikha ng mga sinasabing pansamantalang trabaho, kasabay na inaalís ang regular na trabaho. Sa *partial monitoring* ng CTUHR, umabot sa 10,750 manggagawa ang naging biktima ng samu't-saring pleksibilisasyon at kawalang katiyakan sa trabaho. Naitala ito sa 25 na empresa sa buong bansa.

Pinakamaraming bilang ng manggagawang naapektuhan ng ganitong iskema ang Feeder Apparel, isang pabrika ng *garments* na matatagpuan sa Mactan Export Processing Zone 1 (MEPZ) sa Cebu. Iniulat na 3,200 manggagawa (pawang mga kontraktwal) ang pana-panahong nawawalan

ng trabaho tuwing magpapatupad ng panandaliang pagsasara (*temporary shutdown*) ang kumpanya simula noong Pebrero 1, 2011. Dahil sa polisiyang “no work, no pay” sa loob ng kumpanya, walang natatanggap na sahod ang mga manggagawa tuwing titigil ito sa operasyon. Umaabot ng isang buwan ang ipinapatupad na *temporary shutdown*.

Nanganganib ring mawalan ng trabaho ang 250 manggagawa ng Ford Motor Philippines sa Sta. Rosa Laguna matapos ianunsiyo ng kumpanya at payagan ng DOLE ang planong pagsasara nito sa darating na Disyembre. Nauna nang nagpatupad ng *temporary shutdown* ang Ford noong Abril 13, 2011 kung saan 700 manggagawa ang naapektuhan. Idinahilan nito ang pagkalugi dahil sa mataas na gastos (*cost*) sa pagbubuo ng sasakyan sa ating bansa. Sa susunod na taon ay napabalitang mag-aangkat na lamang ang Ford Motor Philippines ng mga yari nang sasakyan para ibenta sa Pilipinas.

Binabarat na omento sa sahod

Kung ang terminong manggagawa mismo ay hindi nabanggit sa ikatlong SONA, lalong wala ang usapin ng sahod. Kaya nga mahirap paniwalaan ang umuulang pahayag kontra kahirapan, gayong malinaw sa gobyerno na ang manggagawa ay nabibilang sa mahirap na pamilya.

Ayon mismo sa DOLE, tinatayang isa sa bawat apat na manggagawa ang kumikita ng mas mababa pa sa *poverty line* at ang kanilang kita ay hindi makaagapay sa implasyon o pagtaas ng presyo ng bilihin.

Sa kabila nito at ng malakas na panawagan ng mga manggagawa at mamamayan para sa makabuluhang dagdag sahod, patuloy pa rin ang pambabarat ng administrasyong Aquino sa mga manggagawa.

Mula nang manungkulan si Aquino, dalawang beses pa lamang tumaas ang sahod ng mga manggagawa sa NCR. Una ay ang kakarampot na Php22.00 na *cost of living allowance* (COLA) at ikalawa ay ang pag-aapruba ng *installment* na Ph30 na dagdag sahod. Sa kabuuan, aabot lamang sa Php446.00 ang sahod ng mga manggagawa sa NCR.

Mas mababa naman ang natatanggap na sahod ng mga manggagawang nasa ibang rehiyon kahit pa nga mas mataas ang presyo ng bilihin (Tignan ang Table). Sa CARAGA halimbawa, pumalo sa P62.00/litro ang presyo ng gasolina noong Abril. Ganoon din sa Cebu, na kadalasan ay mas pa mataas ng Php2.00-Php5.00 kada litro ang gasolina kaysa NCR. Ang mas mataas na presyo ng langis sa ibang rehiyon ay siya ring nagtutulak papataas sa presyo ng mga batayang pangangailangan tulad ng bigas, asukal at iba pa.

Halaga ng Minimum na Sahod sa Bawat Rehiyon			
Rehiyon	Minimum Wage (Php)	Rehiyon	Minimum Wage
NCR	446	VII	260-305
CAR	263-280	VIII	253
I	228-248	IX	267
II	247-255	X	271-286
III	279-330	XI	301
IV-A/IV-B	225-340.50/ 252-264	XII	270
V	228-252	XIII	241
VI	235-277	ARMM	232

Ang minimum wage sa NCR ay wala pa sa kalahati o 44% lamang ng Php1017 na *family living wage* sa sentrong rehiyon.

Sa katunayan, kung ihahambing ang tunay na halaga ng sahod ngayong 2012 sa halaga nito noong 2006, bumaba pa ng halos P5.00 ang sahod ng mga manggagawa. Samantalang ang minimum wage noong 2006 sa NCR ay Php 340.00, ang *real wage* ngayong 2012 sa NCR (batay sa presyo ng bilihin noong 2006) ay Php 335.22 lamang.

Tahasan naman ang pagtanggap ng pamahalaang Aquino na isabatas ang panukalang P125 *wage increase across-the-board nationwide*. Matatandaang naglabas pa ang Malacañang ng pahayag na nagsasabing hindi raw kakayanan ng ekonomiya ang hinihinging P125 *across the board* na omento dahil kung kukwentahin raw ito para sa 40 milyong manggagawa sa bansa ay aabot ito sa Php 1.43 trilyon.

Ngunit isang malaking kalokohan na kwentahin ang P125 sa lahat ng manggagawa dahil hindi naman lahat ng nasa *labor force* ay may trabaho. Gayundin, kalahati lamang ng mga may trabaho ang *wage and salary workers*, at hindi lahat ng mga negosyante ay nagpapatupad ng minimum wage. Marami ring mga negosyante ang humihiling ng *exemption*. Sa tala ng NWPCC (National Wages and Productivity Commission), 77.6% lamang ng mahigit 4,000 empresang ininspeksyon nito ang nagpapatupad ng minimum wage. Samantala, sa 194 na *employer* na humiling na ma-*exempt* sa minimum wage, 131 dito o 84% ang inaprubo.

Ang totoo, kayang ibigay ang makabuluhang dagdag-sahod na ipinaglalaman ng mamamayan. Sa pag-aaral ng Ibon Foundation, mayroong sapat na tubo sa ekonomiya upang ibigay ang P125 na dagdag sahod sa mga manggagawa. Sa kanilang taya, mababawasan lamang ng 12% ang tubo ng mga negosyante kung ipatutupad ito.

Lalong kontra sa panawagan para sa makabuluhan at nakabubuhay na sahod ang ipinatupad kamakailan na *two-tier wage system* o ang dalawang antas ng pagpapasahod. Ang unang antas ay batay sa *mandatory floor wage* at ang ikalawang antas ay batay sa produktibidad. Sa ilalim ng *two-tier wage system*, hindi na madaragdagan ang *minimum wage* bagkus ay nangaganib pang maging mas mababa ang *floor wage* sa kasalukuyang *minimum wage* dahil ang una ay nakabatay na sa *poverty threshold*. Madaragdagan na lamang ang *floor wage* ng *productivity wage* na naaayon naman sa *productivity* ng isang empresa o industriya.

Ngunit dahil sa atrasadong teknolohiya, sa pangkalahatan ay mababa talaga ang produktibidad ng mga empresa sa bansa. Kaya, ang pagpapataw ng *two-tier wage system* ay nangangahulugan rin ng higit pang pagpiga sa mga manggagawa upang itaas ang produktibidad ng isang empresa. Dagdag pa, boluntaryo at hindi *mandatory* ang *productivity wage*. Ibig sabihin, ang *management* o kapitalista pa rin ang magdedesisyon kung magbibigay ito ng *productivity wage*. Samakatuwid, mas malamang na mauwi sa mas mababang sahod ang tatanggapin ng mga manggagawa sa pamamagitan ng bagong sistemang ito.

Walang habas pa rin ang paglabag ng mga kapitalista sa pagbabayad ng *minimum wage*

Labis na ikinatuwa ng mga negosyante ang ikatlong SONA, dahil sa simula pa lamang ng talumpati, binigyang-diin agad ni P-Noy na bukas na ang Pilipinas sa pagnenegosyo. Nangako rin siyang magpapagawa pa ang gobyerno ng iba't-ibang imprastraktura para mas maging paborable pa ang bansa para sa negosyo.

Ngunit sa gitna ng pag-akit sa mga mamumuhunan sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng impraktraktura at murang paggawa, tuloy-tuloy naman ang paglabag sa karapatan ng mga manggagawa ng mga kapitalista. Sa *partial monitoring* ng CTUHR, mahigit sa tatlong libong manggagawa na ang nagreklamo ng di pagbabayad sa kanila ng *minimum wage*. Sa Sports Royal Inc. sa Cebu City, Php185 lamang ang sweldo bawat araw kumpara sa Php285 na *minimum* na sahod.

Sa Glomar Herbal Phils, nagrere-pack ng Jims Coffee sa Taytay, Rizal, sumasahod lang ang manggagawa ng Php250 kada araw, hamak na mas mababa kaysa sa Php 337/araw na *minimum wage*. At ng magsampa ang mga manggagawa ng pormal na reklamo, walang isang buwan ay sinampahan ng kasong *qualified theft* ang kanilang lider na si Renato

Ojascastro. Nagnakaw raw si Ojascastro ng makina kaya siya ay ipinaaresto at ipinakulong din ng ilang araw hanggang siya ay makapagpiyansa.

Mas masahol naman ang sahod ng mga manggagawa sa agrikultura lalo na kung kaswal ang estado. Sa Filipinas Palm Oil Plantation, isang kumpanyang Malaysia-Filipino sa Agusan del Sur at isa sa pinakamalaking suppliers ng palm oil sa bansa, ang kaswal na manggagawang harvester ay sumasahod lamang ng Php150 kumpara sa Php237 na minimum wage kada araw kahit mahigit 15 taon na silang nagtatrabaho.

Violation of the right to receive fair/just wages*		
Underpayment of minimum wage	*14	*3855
Non/Delayed payment of minimum wage	*6	*2918
*CTUHR Documentation June 2012		

Mas mababa pa ang sahod ng mga kontraktwal na manggagawa sa mga contract growers sa mga taniman ng saging ng Dole-Stanflico sa Davao del Norte at Compostela Valley. Pinakamababang natatanggap ng mga manggagawa rito ay Php125 kada araw, samantalang ang minimum na sahod ay Php301.00.

Habang nakapako ang sahod ng mga manggagawa sa napakababang halaga, patuloy naman ang pagtaas ng mga batayang bilihan. Ayon sa Department and Trade and Industry (DTI), tumaas ang presyo ng sardinas ng 5%, kape ng 12%, at tinapay ng 5%. Bagamat pansamantalang bumaba ang presyo ng langis ng Php10 kada litro, muli itong tumataas dahil umano sa kaguluhan sa Iran at Syria habang ang presyo naman ng tubig at kuryente ay patuloy rin ang pagtaas. Kamakailan lamang ay inaprubahan ang mahigit pisong dagdag-singil ng Meralco mula Hulyo 2012 hanggang Hunyo 2013.

Kaya naman sa konserbatibong tantya pa lamang ng gobyerno, isa sa apat na manggagawang may sahod ay nabibilang sa populasyong nabubuhay sa ilalim ng *poverty line* o sa halagang mas mababa pa sa P46 kada araw.

Patuloy na dumarami ang aksidente at namamatay sa trabaho dahil sa hindi ligtas na paggawa

Tulad sa iba pang usaping may kinalaman sa buhay ng manggagawa, wala ring binanggit si P-Noy hinggil sa kaligtasan ng mga manggagawa—ang mahalaga lamang ay makahanap ng trabaho.

Sa nakaraang dalawang taon, hindi na lang seguridad sa trabaho ang nasa panganib dahil sa pleksibilisasyon, kundi mismo ang kalagayan sa loob ng

trabaho. Nasawi ang 73 manggagawa at 100 iba pa ang nasugatan. Sa sektor ng konstruksyon kung saan sinasabing dumami ang nabigyan ng trabaho, dumami rin nang walang kaparis ang bilang ng mga aksidente. Pinakamalaki ang bilang ng manggagawang namatay sa konstruksyon, 35; sa pagmimina, 12; sa serbisyo, 17; at sa agrikultura, 9.

Sa pagdami ng namamatay na manggagawa, hindi pa rin makita ang epekto ng itinayo ng DOLE na Interagency Committee on Construction Safety sa pamamagitan ng Memorandum of Agreement (MOA) at Joint Administrative Order sa iba't-ibang ahensya ng pamahalaan.

Pinakahuli at malalang insidente ng pagkamatay ang naitalang pagkasunog ng 17 kababaihang manggagawang stay-in (ang isa ay buntis ng limang buwan) sa Novo Fashion Department Store sa Butuan City, Agusan del Norte noong Mayo 9. Sa panayam ng CTUHR, napag-alaman na walang maayos na fire exit, nakakandado ang kwartong tinutulugan ng mga manggagawa sa ikatlong palapag ng gusali at isa lang ang may hawak ng susi. Mahirap makalabas sa kwarto dahil sa magkasanib na glass door at steel roll up door ang kailangang daanan. Hindi rin sila pinapayagang makalabas pa ng gusali matapos magsara ang tindahan sa takot ng may-ari na may mawala sa mga paninda. Binanggit rin ng ilan pang manggagawa, na may mga nakaimbak na gasolina sa ikalawang palapag ng gusali na nakahanda para sa mga generators sakaling magkaroon ng brown-out. Halos lahat ng mga nasawi ay manggagawa mula sa iba pang probinsya ng Mindanao. Tatlong araw pa ang nakalipas bago hinarap ng abogado ng may-ari ng department store ang mga pamilya ng mga biktima. Tulak na rin ng malawak na protesta, napilitang magbayad ang may-ari ng P200,000 sa bawat pamilya.

**7 sa 10 hindi kabilang sa pwera ng paggawa ay babae.
Lomobo ang bilang ng batang manggagawa**

Samantalang sinasabing bumaba ang disempleyo na parang mahika, hindi rin binanggit sa SONA na marami pa ring kababaihang inilagay sa listahan ng di kasama sa pwera ng paggawa (*not in the labor force*). Ayon mismo sa gobyerno, 7 sa 10 inddibidwal na hindi kasama sa pwera ng paggawa ay kababaihan kahit pa nga nasa produktibong edad ang mga ito. Ilang posibleng kalagayang nagbubunsod ng ganitong kalagayan ay: una, wala o kulang ang oportunidad para sa maraming kababaihan; ikalawa, pagkatali ng mga kababaihan sa loob ng bahay at; ikatlo, ang di-pagkilala sa gawaing bahay bilang isang klase ng paggawa. Sa ganitong sitwasyon, inaaalis rin

sa mga kababaihan ang pagkakataong maiangat ang sarili at maging ang kabuhayan ng kanilang pamilya.

Mababa man ang antas ng kanilang partisipasyon sa paggawa, mas marami naman ang lalaking walang trabaho kaysa mga babae. Sa lima (5) indibidwal na walang hanapbuhay, dalawa (2) lamang dito ang babae at tatlo (3) ang lalake.

Subalit, hindi ito nangangahulugang mas mainam ang sitwasyon ng mga babaeng nagtatrabaho. Sa pangkalahatan, mas matindi pa rin ang pagsasamantalang dinaranas ng mga kababaihang manggagawa dahil sa itinatalagang klase ng trabaho kung saan sila natatanggap. Halimbawa karaniwan na sa mga kababaihang nagtatrabaho ang kasambahay o tindera. Ang una, ay mala-alipin ang turing at ang huli ay vulnerable sa kontraktwal o pleksibleng paggawa at nakapakahaba rin ng oras paggawa. Isang kongkretong halimbawa sa masahol na kalagayan ng kababaihang manggagawa ay ang nangyari sa Novo Jeans sa Butuan.

Karaniwan ring mas mababa ang sahod ng kababaihan sa kalalakihan. Ayon sa isang pag-aaral (Cabegine, 2012) ukol sa agwat ng sahod (*wage gap*) sa pagitan ng babae at lalake sa bansa, lumabas na aabot ng hanggang 13% na mas mataas ang sahod ng lalake sa babae sa pangkalahatan. Ipinakita rin ng pag-aaral na mas tumitindi ang diskriminasyon partikular sa sahod ng mga kababaihan sa panahon na bumabagal ang paglago ng ekonomiya at lumiliit naman ang *wage gap* sa panahon na lumalago ang ekonomiya.

Resulta ng kawalan ng hanapbuhay, kawalan ng katiyakan sa trabaho at kakarampot na sweldong kaakibat nito ay pagdami ng mga batang manggagawa. Sa huling sarbey na isinagawa ng NSO at ng International Labour Organization (ILO), lumabas na tumaas ng higit 30% ang bilang ng batang manggagawa sa loob ng 10 taon. Mula 4.2 milyon noong 2001, lumobo ito sa 5.5 milyon noong 2011.

Tumaas rin ng 25% ang bilang ng mga batang nasa mapanganib na trabaho o *hazardous work*. Mula sa 2.4 milyon noong 2001 tumaas ito sa 3.0 milyon noong 2011. Pito sa 10 batang nasa mapanganib na hanapbuhay ay lalake.

Karaniwang matatagpuan ang mga batang manggagawa (55.4%) sa mga bukirin o sektor ng agrikultura. Isang tampok na halimbawa nito ang umiiral na *child labor* sa mga plantasyon sa Mindanao. Sa ginawang pananaliksik ng CTUHR hinggil sa *child labor* sa mga palm oil plantations sa mga probinsya ng Agusan sa rehiyon ng CARAGA, 11.4% ng mga kabataang nasa pagitan ng 5-17 taong gulang ang nagtatrabaho sa plantasyon ng palm

oil habang 71% o 68 sa mga kabataang nagtatrabaho sa plantasyon ng palm oil ay tumigil na sa pag-aaral matapos ang Grade V. Tatlo sa apat na batang nagtatrabaho sa mga plantasyon ng palm oil ay kalalakihan na maiuugnay sa lakas ng katawang kinakailangan sa bigat ng trabaho tulad ng paghakot at pagkarga sa mga bunga ng palm oil na tumitimbang ng 10-50 kilos kada bunga. Isa pa ring litaw na epekto nito sa mga batang manggagawa ay ang pagkabansot ng pisikal na pangangatawan: mas mababa at maskulado ang pangangatawan ng mga manggagawang bata kung ikukumpara sa mga karaniwang batang kapareho ang edad.

Paparami pa rin ang Pinoy na nangingibang bansa, at kaso ng karahasan

Taliwas sa nilalaman ng 22-POINT LABOR AGENDA at sa mga naunang SONANG nangako si P-Noy na wala nang Pilipino ang mangingibang-bayan dahil sa pangangailangan, wala ni isang nabanggit si P-Noy tungkol sa mga OFWs sa katatapos na SONA.

Tila iniwasan ang usaping ito dahil malinaw na bigo ang administrasyong Aquino na kamtin ang pangakong ito. Ang bilang ng OFWs rin ang kongkretong magpapasinungaling na nakakalikha ng de kalidad na trabaho ang bansa. Katunayan, hindi nabawasan ang bilang ng Pilipinong umaalis. Noong 2010 pa lang, aabot na sa 4,030 na OFWs ang umaalis kada araw at patuloy na tumataas ang bilang na ito.

Sa pagdami ng OFWs, patuloy rin ang pagdami ng mga kaso ng karahasan at paglabag sa kanilang karapatan. Ayon sa Migrante International, tumaas ang bilang ng kaso ng paglabag sa karapatan ng mga OFWs mula nang manungkulan si Aquino noong 2010 ng hanggang 50%. Mula sa 1,500 na kaso ng paglabag kada taon bago ang 2010, umabot na ito sa 4,500 sa huling dalawang taon (o 2,250 kada taon).

Ang mga uri ng kasong naiuulat sa Migrante ay lumawak rin sa loob ng dalawang taon. Kabilang dito ang mga kaso ng *overcharging*, *illegal recruitment*, *human trafficking* at pagmamaltrato, paglabag sa karapatan sa paggawa at pagbalewala ng pamahalaan. Nagpapatuloy rin ang mga kaso ng rape o panggagahasa.

Dagdag pa, apat na OFW na ang binitay, tatlo (3) ay sa China, sa loob lamang ng dalawang taon. Samantala, 6 hanggang 10 OFW naman ang umuuwing bangkay sa bansa araw-araw.

Umaabot na raw ang kaunlaran sa nakararami: itinago ang tunay na mukha ng kahirapan

Tulad pa rin sa nakaraang SONA, ang *Conditional Cash Transfers* (CCT) o Pantawid Para sa Pamilyang Pilipino o 4Ps ang ibinida bilang sentrong programa at tugon sa kahirapan. Target ng pamahalaan na paabutin sa 3.1 milyon sa loob ng dalawang taon ang mabiyayaan nito. At Pebrero pa lang ng kasaluuyang taon, naiparehistro na umano ang ikatlong milyong kabahayang benepisyaryo ng 4Ps.

Ngunit ano nga ba ang katotohanan?

Itinatagong kahirapan, lantarang pagkamal ng yaman ng iilan

Sa gitna ng kabiguan ng administrasyong Aquino na itaas ang kalidad ng hanapbuhay at itaas ang sweldo, pilit namang itinatago ng pamahalaan ang kahirapan sa pamamagitan ng 1) pagbabago sa depinisyon ng mahirap at 2) dole-outs na pantawid programs.

Noong 2011, sa halip na mapagpasyang tugunan ng kahirapan, binago ng gobyerno ang depinisyon nito at pagtuturing sa indibidwal at pamilya na nakapaloob sa *poverty threshold* na sa pamamagitan ng pagbabago sa *food budget* ng isang mahirap na pamilya. Mula sa dating Php 52 kada araw na *poverty threshold* (ibig sabhin ay kung may pera kang lagpas sa halagang ito ay hindi ka na maituturing na mahirap), ibinaba pa ang halaga sa Php 46 sa pamamagitan ng pagpapababa ng kalidad ng pagkain ng bawat miyembro ng pamilya. Kung paano nila ito nagawa ay nakapagtataka dahil ang instant noodles o pancit canton ay halos Php8.50-Php10 na ang bawat pakete.

Higit pa sa pera, mas pinagtibay ng ganitong depinisyon ang pananaw ng gobyerno na sapat na sa mga dukha ang basta makakain sa isang araw kahit wala namang sustansya ang inilalagay nito sa kanyang tiyan. Kahit sa hanay ng may trabaho, ang bilang ng mga naghihirap ay patuloy na tumataas. Noong 2006 pa lamang ay umabot na ito sa 28.2%. ang matatawag na *working poor*.

Ang resulta ng pagbabago sa depinisyon, nabawasan ng higit 5 milyon ang bilang ng mahihirap sa Pilipinas sa opisyal na datos.

Samantala, ang ibinabanderang programang kontra-kahirapang 4Ps ni P-Noy, ay kulang pang remedyo sa mga kahirapang dinaranas ng mga benepisyaryo nito.

Si Gng Epifania Bayasbas (*di tunay na pangalan, hiniling na huwag banggitin sa takot na matanggag*), taga Bgy. Ormaca, San Francisco, Agusan del Sur ay isang benepisyaryo ng 4Ps. Nakatira siya loob ng palm oil

plantations, mahigit isang oras at kalahati ang byahe sa habal-habal (single motorcycle) bago makarating sa highway o sa sentro ng San Franz, kung saan kinukuha ang pera mula sa CCT. Pito ang kanyang anak pero huminto na ang iba sa pag-aaral. Php300 lamang ang nakukuha niya kada dalawang buwan mula sa 4Ps. Ang ibang kilala niya ay tumatanggap ng Php600-Php700 dahil nag-aaral. Gumagastos siya ng Php60 pamasaha balikan, na inutang nya sa kapitbahay. Kailangan din niyang magbigay ng resibo kung ano ang binili niya sa huling natanggap na subsidyo. Kung mahaba ang pila, kadalasan di na siya nagtatanghalian. At kung gabi na sya natapos, kailangang mag-arkila ng habal-habal pauwi. Php50 ang bayad dito. Sumatotal, Php190 na lamang ang matitira sa makukuha niya at maghihintay siya ulit ng dalawang buwan. May pagkakataon ding halos pamasaha na lang naiwan sa kanya, kung hindi siya nakadalo sa pulong na ipinatawag dahil binabawasan rin ang kanyang subsidy kapag lumiliban sa mga pulong (Panayam ng CTUHR, Peb 2011). Dalawang taon na siyang benepisyaryo, pero hindi pa rin nagbabago ang kanilang kabuhayan.

Katulad ni Aling Epifania, walang nabago ang CCT sa ilalim ng 4Ps para iaangat mula sa kahirapan ang sinasabing 3.1 milyong nabibiyayaan nito. Maaring nakakabili pana-panahon ng bigas o may baon ang mga bata sa eskwela dahil sa ilang daang pisong abuloy ng gobyerno, pero hindi nito binabago ang batayang kalagayan ng pamilyang benepisyaryo.

Katunayan, lantad pa rin ang tumitinding pagitan ng mahirap at mayaman sa bansa. Sa huling sarbey ng *Social Weather Station*, aabot pa rin sa 51% ng mga respondents o humigit kumulang 10.3 milyong pamilya ang nagsasabing sila ay mahirap habang 39% naman o 7.9 milyong pamilya ang nagsasabing sila ay nagugutom.

Sa gitna ng papahirap na buhay para sa maraming Pilipino, papalaki naman ang yaman ng iilang mga kapitalista at mayayaman sa bansa. Sa huling inilabas na sarbey ng Forbes Magazine, na nagtatala ng 40 pinakamayayamang indibidwal sa bansa, tulad nina Henry Sy, Lucio Tan, Enrique Razon, Zobel de Ayala atbp.

Ayon sa Ibon Foundation, ang pinagsamang yaman ng 40 ito ay dumoble magmula noong 2010 hanggang ngayong 2012. Mula sa dating Php 22.8 milyong pinagsamang yaman noong 2010, lumaki pa ito sa Php47.4 milyon. Ang Php 47.4 milyon ay katumbas na ng 21% ng kabuuang kinita ng Pilipinas sa loob ng bansa o GDP noong 2011.

Mas tumindi ang mararahas na pagwasak sa tirahan at komunidad ng maralitang lungsod, 6 na kasapi at lider maralita ang pinaslang Lumala na nga ang kahirapan, pinalala pa ito ng walang habas na demolisyon sa maralitang komunidad. Sa tala ng CTUHR, 25 insidente ng demolisyon (isa kada buwan) ang nagaganap sa panahon ng rehimeng Aquino. Tinatayang 262,760 indibidwal ang naapektuhan nito sa ngalan ng pagtatayo ng mga proyektong pangkaunlaran, biglaang pagsulpot ng mga pribadong may-ari ng mga lupain at paglilinis ng mga komunidad sa mga *danger zones*. Pinakamararahas sa mga demolisyong ito ang naganap sa San Roque sa Quezon City noong nakaraang taon kung saan 16,000 pamilya ang apektado at sa Silverio Compound, Parañaque kung saan tinatayang 25,000 pamilya ang naninirahan.

Biktima ng Demolisyon June 2010-June 30,2012*					
Nasaktan	Inaresto	Napaslang sa Demolisyon	Sinampahan ng Kaso (Indibidwal)	Bilang ng Apektado	
				Pamilya	Indibidwal
259	118	4	48	54,225	262,760
*CTUHR Documentation, June 2012					

Ang barangay San Roque, ay tatayuan ng isang isang sentrong pangkomersyo sa ilalim ng mga Ayala Malls samantalang ang Silverio Compound naman ay napabalitang tatayuan ng SM condominium at malls.

Ang ganitong hakbangin ng pamahalaan at ang paglaban ng mga maralita laban sa sapilitang pagpapalayas ay nag-iwan ng apat (4) na biktima ng pagpaslang sa panahon ng demolisyon, at dalawa (2) pang lider na namuno sa mga paglaban. Ang pinakahuling biktima ng pagpaslang sa hanay ng mga maralitang lungsod ay si Ernesto Gulfo, lider ng Alyansa Kontra Demolisyon sa Navotas, Metro Manila.

Biktima ng Pagpaslang mula sa Maralitang Lungsod		
Pangalan	Date Killed	Position/Organization
Antonio Homo	March 16, 2011	Campaign Officer- Nagkakaisang Samahan sa Kadiwa (NASAKA)
Soliman "Sol" Gomez	July 23, 2011	local leader of Bayan Muna- Pangarap Chapter & member of Pangarap Village Tricycle Operators and Drivers Association

Rommel Fortade	July 23, 2011	Auditor, Batang Malacañang - a Homeowners Association. Media Officer, Coalition of Neighborhood Associations
Simeon Bayogbog	October 30, 2011	President - Kacsa Association Inc. (Organization of Residents in the area)
Arnel Leonor	April 23, 2012	resident of Silverio compound
Ernesto Gulfo	May 30, 2012	Chairperson - Alyansa Kontra Demolisyon sa Malabon

Walang binanggit hinggil sa karapatang pantao taliwas sa pangakong resolbahin ang extra-judicial killings, tutugisin ang may pagkakasala at, iaayon ang mga patakaran at programa sa paggawa sa pandaigdigang pamantayan lalo na ang ILO Conventions

Unang SONA pa lang ni P-Noy, binanggit na niya na 50% na ng insidente ng extra-judicial killings (EJKs) ay nasa proseso na raw ng pagresolba. Kasabay nito, binigyang diin rin nya ang pangakong hindi titigil ang kanyang administrasyon hanggat hindi nareresolba ang lahat ng kaso at hanggang nakakamit ang hustisya.

Matapos ang dalawang taon, wala ni isang kaso ng pagpaslang ang naresolba at hindi pa rin nahuhuli at naparurusahan si Gen. Jovito Palparan. Subalit, hindi lang ang kabiguang resolbahin ang mga dati ng kaso ang hindi natupad, kundi nagpatuloy at dumami pa ang biktima ng pagpaslang. Ayon sa KARAPATAN, may 78 biktima ng pagpaslang nitong nakaraang dalawang taon, mas malala kung ikukumpara sa unang dalawang taon ni Gng. Arroyo. Pinakahuli ay ang Dutch *development worker* na si Wilhem Geertman ng Alay Bayan-Luzon. Hinala ng kanyang mga kasamahan, pinaslang si Geertman dahil sa kanyang pagsisilbi sa mga mahihirap na Pilipino, adbokasiya at pagsuporta sa mga hinaing ng mga katutubong komunidad at magsasaka lalo na sa Aurora.

Tulad sa nakaraang administrasyon, marami sa mga biktima ang inakusahang taga-suporta ng mga rebeldeng NPA bago pinaslang.

Kabi-kabila ang batikos mula sa loob at labas ng bansa kaugnay ng paghahari pa rin ng kultura ng *impunity* sa bansa, pero tila sinadyang hindi na ito isama sa katatapos na SONA, marahil sa takot ng administrasyong makalkal pa ang mas lumalang kalagayan ng karapatang pantao. Hindi nakamamangha ang mga numero sa biktima ng paglabag sa karapatang pantao, lalo na sa hanay ng mga manggagwa.

Anim na lider manggagawa ang pinaslang at patuloy na ginigipit ang mga lider manggagawa

Sa kabila ng pangakong igagalang ang karapatan sa malayang pag-oorganisa at pangangalagaan ang karapatang ito sa harap ng ibat-ibang organisasyon sa labas, higit na nakaalarma ang patuloy na pagpaslang sa mga unyonista at lider manggagawa.

Mga Biktima ng Pagpaslang mula sa Sektor ng Manggagawa			
Petsa	Lugar	Biktima	Organisasyon
9-Jul-10	Palanas, Masbate	Mark Francisco	Member, Alliance of Concerned Teacher
9-Jul-10	Masbate City, Masbate	Edgar Fernandez	Public School teacher
12-Nov-10	Calamba, Laguna	Carlo Rodriguez	President, Nagkakaisang Lakas ng Manggagawa sa Calamba Water District - COURAGE
8-Mar-11	Dasmariñas, Cavite	Celito Baccay	Founder/Union Board member-Maeno Giken Workers Organization (MAGIKWO)
9-May-11	Bay, Laguna	Jojo Malinao	Union vice president - Organization of Non-Academic Personnel of UP (ONAPUP-UPLB Chapter)
12-Apr-11	Pantukan, Compostela Valley	Santos Manrique	President-Federation of Miners Association in Pantukan (FEDMAP)

Unang naging biktima si Celito Baccay, manggagawa at unyonista ng Maeno Giken Inc. noong Marso 8, 2011 sa Dasmariñas Cavite, habang papauwi sa bahay galing sa trabaho. Sa ginawang fact-finding mission, lumabas na pinag-iinitan ng kumpanya si Baccay matapos niyang pangunahan ang pagbubuo ng unyon sa kanilang pagawaan. Bago mangyari ang pagpaslang, may ilang insidente ng pagbabanta at pang-iinsulto mula sa Vice President for Operations na si Gart Dennis Melchor ang naranasan ni Baccay.

Nasundan pa si Baccay ng iba pang biktima na pinaslang din noong nakaraang taon. At tulad sa mga biktima sa ilalim ng rehimeng Arroyo, wala pa ni isa ang nabigyan ng katarungan.

Bukod dito, may 101 kaso ng paglabag sa karapatang sibil-pulitikal ang naidokumento ng CTUHR na nakaapekto sa 3,195 manggagawa, unyonista at tagapagtanggol ng karapatan ngmanggagawa. Kabilang sa mga kasong ito ang pagsasampa ng kasong criminal tulad ng *qualified theft*, *perjury* at iba pa

sa mga manggagawang nagsasampa ng reklamo kaugnay ng *underpayment*, di pagbabayad ng *overtime*, at *social benefits* tulad ng SSS, Philhealth at iba pa.

Hindi rin nawala ang pagsasampa ng kasong murder, frustrated murder at maging *robbery in band* sa mga organisador at lider manggagawa kaugnay ng mga sinasabing operasyon ng New People's Army (NPA). Sa Negros halimbawa, kinasuhan si Ronald Ian Evidente, tagapagsalita ng KMU-Negros, at anim na iba pang kasapi ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) ng *robbery in band* at *frustrated murder* kaugnay ng sinasabing reyid ng mga NPA sa isang palaisdaan sa Sagay, Negros Occidental noong Mayo 2010. Inaresto ang anim na NFSW at isa pang lider mula sa Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) noong Huwebes Santo, Abril 3, 2012. Pansamantala silang nakalaya lamang sa bisa ng piyansa. Si Evidente ay nakatakas mula sa pag-aresto at napilitang magtago hanggang makaipon ng pampiyansa.

Panggipit sa pag-uunyon, walang pinagbago. Mga kapitalista mas malakas ang loob

Sa kabila ng paulit-ulit na pahayag na pangangalagaan ang karapatan sa malayang pag-oorganisa at pangako ng pamahalaang iaayon ang mga programa, patakaran at praktika sa mga pandaigdigang pamantayan, lalo na ang itinatadhana ng International Labour Organization (ILO) at rekomendasyon ng ILO-High Level Mission (ILO-HLM), walang pag-usad sa bilang ng mga organisadong manggagawa. Sa halip, papaliit pa ito.

Nananatiling mababa ang bilang ng mga manggagawang nakapaloob sa mga unyon o asosasyon sa kanilang mga pagawaan. Ayon sa BLES-DOLE, nasa 1.78 milyong lamang ang mga manggagawang kasapi ng unyon sa bansa, 8.47% ito ng kabuuang 21 milyong manggagawang sahurang. Samantalang halos walang nabubuonang unyon, nagpapatuloy naman at walang paglubay ang mga atake sa mga nakatayo nang mga unyon.

Sa tala ng CTUHR, 21 unyon ang binuwag at nasa bingit ng pagkabuwag nitong nakalipas na dalawang taon.

Halimbawa nito ay ang katatayo pa lamang na unyon ng mga manggagawa sa Co Ban Kiat Hardware noong Mayo 3, 2012 nang biglaang nagpatupad ng malawakang tanggalan ang kanilang kumpanya. Isangdaan at tatlo (103) sa kanila, pawang mga myembro ng unyon, ang hindi pinayagang makabalik sa trabaho kasabay ng paglabas ng sertipikasyon ng pagkakatayo ng unyon mula sa DOLE. Kabilang sa mga natanggal ang pangulo ng unyon na si Regie Lumauag. Agad na naglunsad ng welga ang manggagawa upang kondenahin ang iligal na pagkakatanggal. Sa loob ng isang linggo ay nagkaroon ng Memorandum of Agreement ang dalawang panig kung saan

nangako ang manedgment na ibalik ang lahat ng natanggal na manggagawa kung ititigil ng huli ang kanilang welga. Tumugon dito ang mga manggagawa ngunit hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin sila pinababalik at pinalitan na sila ng ibang manggagawang kontraktwal.

Sa Visayas Electric Company (VECO) sa Cebu na pagmamay-ari ng pamilyang Aboitiz, ginawa namang kundisyon ng manedgment ang pagtatanggal at pag-aalis kay Casimiro Mahilum sa pagkapangulo ng unyon (VECEU) para harapin sila sa negosasyon sa CBA. Kasabay nito, binabaan rin ng memorandum at nanganganib na masuspende ang mga kasapi ng unyon dahil sa pagsusuot ng uniporme at jacket nila sa pagkilos para ipagdiwang ang Pandaigdigang Araw ng Manggagawa nitong nakaraang Mayo Uno. Ang VECEU ay dating naka-affiliate sa ALU, subalit umalis ito at nagparehistro bilang independent union.

Halos ganito rin ang nangyaring pagtanggap kay Raymond Acena, Presidente ng Hongkong and Shanghai Banking Employees Union. Si Acena ay sinuspende at tuluyang tinanggal dahil sa paggamit ng email address ng kumpanya sa mga komunikasyon ng unyon. Bago ito, aktibo si Acena sa kampanya laban sa planong outsourcing ng ilang operasyon ng bangko na magresulta sa pagkawala ng trabaho ng 400 regular na empleyado ng HSBC.

Papaliit nang papapaliit ang manggagawang sinasaklaw ng collective bargaining agreement (CBA)

Isang lohikal na epekto ng pagliit ng bilang ng unyon ay pagliit ng bilang ng nasasaklaw ng CBA. Sa huling tala din ng BLES-DOLE, 229,000 na lamang na manggagawa o 12.86% ng unyonisadong manggagawa ang napapaloob sa mga collective bargaining agreements (CBA). Kaya, katawa-tawa ang posisyon ng gobyerno at Employer's Confederation of the Philippines (ECOP) na sa CBA na lang iaasa ang pagtataas ng sahod.

Sa kabila nito, may 4,074 manggagawa pa rin ang naitala ng CTUHR na nagreklamo ng paglabag sa implementasyon ng kanilang CBA. Samantala, karagdagang 4,769 manggagawa naman ang hindi hinaharap ng kumpanya sa CBA negotiation.

Sa siyudad ng Davao, 25 manggagawa ng Radio Mindanao Network (RMN) na miyembro ng RMN Employees Union ang naglunsad ng welga nito lamang ika-10 ng Hulyo dahil sa hindi pagharap ng kanilang employer sa CBA. Nais makipag-tawaran ng mga manggagawa sa kumpanya upang maisulong ang kanilang problema sa mababang sahod at kawalan ng seguridad sa trabaho. Pangunahing hinihingi ng mga manggagawa ang P75

na dagdag sa kanilang arawang sahod. Ayon sa mga manggagawa, katumbas lamang ito ng Php99,000 kabawasan sa Php24 milyong kita ng kumpanya kada buwan. Naghapag ng CBA proposal ang unyon noong Hulyo 28, 2011 at simula noon ay hindi pa nagkakaroon ng maayos na negosasyon sa pagitan nila at ng kanilang employer.

Violation of the Right to Freedom of Association and Collectively Bargain	Cases	Victims
Non-recognition of union	9	416
Union-busting	21	5657
Harassment on unionists inside the workplace	25	2656
Intervention on trade union affairs	6	1942
Anti-Union Discrimination	14	1138
Prohibition of the Right to Strike	8	4568
CBA violations and issues		
Non Implementation of CBA	12	4074
Bargaining in Bad faith/Refusal to Bargain	18	4769

Tripartite Industrial Peace Councils (TIPCs), bigong iangat ang kalagayan at karapatan ng manggagawa sa malayang pag-oorganisa. Sa harap ng ganitong kalagayan ng mga unyon, hindi maramdaman kung may kontribusyon o *impact* ang mga itinatayo at inilalakong pagtatayo ng *Tripartite Industrial Peace Council* (TIPCs) o *Industry Tripartite Council* (ITCs) sa pag-oorganisa at pagpapatupad ng *labour standards*. Sa halip, naging taga-selyo o taga-endorso ng programa ng gobyernong Aquino ukol sa empleyo. Nagbibigay pa ito ng impresyong ang mga programang ipinapatupad ay dumaraan sa isang demokratikong proseso at may partisipasyon ng mga manggagawa—lalo na ang mga unyon—kaya’t nagiging ‘lehitimo’ ang mga ito. Kumbaga, nagiging tali ang kamay lalo na ng mga manggagawang umalma sa mga patakaran at kalakaran ng kapitalista at gobyerno sa kadahilanang ang mga lider nila ay lumagda sa programa bilang pagsang-ayon sa mga programang at patakarang nilalagdaan ng mga *tripartite councils*.

Isang kongretong halimbawa nito ay ang *Banana Industry Tripartite Council* (BITC), ang kauna-unanahang industriya ng ITCs. May *Voluntary Codes of Good Practices in the Banana Industry* sa Southern Mindanao, na pinirmahan ang BITCs (players, DOLE at unyon) na pawang naglalaman

ng mga pahayag hinggil sa karapatan at kagalingan ng manggagawa. Pero, napakalayo ng nakasaad sa dokumento sa tunay na kalagayan ng manggagawa sa mga sagingan, sa usapin ng sahod, seguridad sa trabaho, kaligtasan at kalusugan at pangangalaga sa kapaligiran. Ang mga kontraktwal sa ilalim ng manpower cooperatives tulad ng Asiapro at MaGrow ay binabawalan na sumapi sa unyon o organisasyon ng manggagawa bago pa lang magsimula ng trabaho. Ang mga regular na manggagawa naman ay hinihakayat o halos walang kamalay-malay na nagiging kasapi na ng unyong iniendorso ng Dole–Stanfilco, ang Federation of Integrated Labor Union o FILU. Wala ring konsultasyon sa nilalaman ng CBA, o maging sa pagratipika nito.

Ang BITC *Voluntary Codes of Good Practices in the Banana Industry* sa Southern Mindanao ay ginagawa ngayong halimbawa para tularan umano ng iba pang industriya.

Kung may maliit man o panandaliang kontribusyon sa lokal na pag-uunyon ang TIPCS, ito ay ang naging desisyon ng DOLE na itulak—kahit pa sa huling sandali—ang Social Accord kaugnay ng union election sa Dolefil, Polomolok, South Cotabato, noong Pebrero 2011. Ang desisyong ito ng DOLE ay bunga na rin ng puspusang kampanya sa pambansa at pandaigdigang antas laban sa pakikialam ng mga militar sa Dolefil at panggigipit sa AMADO-KADENA.

Pero kahit pa may Social Accord, hindi nito napigil ang mga sundalo na magkampanya at direktang makialam sa eleksyon para tiyaking hindi na muling magwawagi ang AMADO-KADENA-NAFLU-KMU sa Dolefil. Limang taon ding puspusang nagkampanya ang mga militar laban sa militanteng unyon.

Katulad sa mga nakaraang dalawang taon, maraming popular at magagandang pahayag si P-Noy. Mukhang nakalimutan na nya ang mga mayor na problemang hinaharap ng bansa, liban sa kanyang laban kontra-katiwalian. Kung tutuusin, ang kanyang ikatlong SONA ay para pa ring talumpati sa panahon ng kampanya, maraming pangarap, pero walang kongkretong hakbangin kung paano maabot ang mga ito.

Tulad sa unang taon ng kanyang panunungkulan, litaw na naka-angkla ang pagsasakatuparan ng mayor na programa sa mas malayang pagbubukas ng bansa lalo na sa dayuhang puhunan, ang pag-akit sa mga kapitalista at pagpapalakas ng militar at depensa ng bansa. Kaya hindi na nakapagtataka na sa unang araw pa lamang ng regular na sesyon ng Senado, niratipikahan na ang SOVFA o ang South of Visiting Forces Agreement sa Australia.

Halata ring inihanda ng Malacañang ang Executive Order 79 (EO 79), patakaran sa pagmimina, para sa ikatlong SONA. Sa halip na makabuti, patitindihin ng patakarang ito ang operasyong pagmimina ng mga dambuhalang korporasyon sa bansa dahil ang inayos lamang sa EO 79 ay ang hati ng pamahalaan sa kita ng mga kumpanyang nagmimina, samantalang hindi nito tinugunan ang usapin ng mapangwasak na epekto ng pagmimina sa kapaligiran at kabuhayan ng mga apektadong komunidad. Mas masahol pa, tinanggalan din nito ng kapangyarihan ang mga lokal na pamahalaan na magpasya sa kanilang nasasakupan.

Sa susunod na taon, mas mapanghamon ang kalagayang haharapin ng mga manggagawa at maralita: 1) walang programang inihapag sa SONA 2012 kung paano iaangat ang kalidad ng kabuhayan ng manggagawa at kung paano tutuparin ang dati nyang pangakong bawasan ang bilang mga Pilipinong nangingibang bayan dahil sa pangangailangan; 2) paano iaayos ang mga komunidad na nahaharap sa mga demolisyon; 3) tinalikuran na P-Noy ang usapin ng karapatang pantao at pagresolba sa mga dati ng kaso. Liban sa pagsasampa ng kasong katiwalian kay Gng. Arroyo, wala ring binaggit si P-Noy kung paano papanagutin ang nakaraang rehimen sa maraming kaso ng paglabag sa karapatang-pantao.

Sa pagpapatupad ng mga patakarang kontra-mamamayan, nasa malaking bentahe ang gobyernong Aquino lalo pa't mabilis na nakapagkonsolida ito ng pampulitikang kapangyarihan matapos mapatalsik sa pwesto si Chief Justice Renato Corona, at higit pang nakonsentra ang kapangyarihan sa Malacañang, tulad ng ginawa niya sa EO 79. Itinutulak na rin ng kanyang mga taga-suporta ang pag-aamyenda ng probisyon sa Konstitusyon na naglilimita sa pagmamay-ari ng dayuhan sa mga kumpanya, sektor ng industriya, at lupain. Mas mapanganib pa ang panukalang ito para sa mamamayan dahil kung maaprubahan, tuluyan nang maglalaho ang natitirang legal na restriksyon sa malayang pandarambong ng dayuhang kapital sa yaman ng bansa.

Subalit, ang sitwasyon ding ito ang maaaring positibong mag-anak ng iba't-ibang pagsasama ng mga progresibong sektor at mga pwersang kontra-Aquino, tulad ng pagsasama ng simbahan, local government units at mga progresibong organisasyon laban sa pagmimina. Para makasabay ang kilusang unyon at maitulak ang mga panawagan, wala pa ring pangunahing sasandigan kundi ang puspusan, mapangahas at mapanlikhang pag-oorganisa at pagkilos sa hanay ng manggagawa.###